

# CHAPTER *One*

*M*asokista ka ba? tanong ni Marian sa sarili. Kahit masakit ay paulit-ulit niyang binabalikan sa isip ang huli nilang pag-uusap ng kanyang ex.

*Aray ko!* wika rin niya sa sarili. Pakiramdam niya ay may bumatok sa kanya dahil sa tila pangangarap niya nang gising. Pero talaga naman kasing ex niya si Makoy Alcantara—ex-boss.

Sa isiping iyon ay napaluha na naman siya sa sobrang sama ng loob. Para kasing hindi nito pinahalagahan ang pagtitiyaga niya rito at sa kompanya nito.

Bumuntunghininga siya nang marahas. Mahirap maghanap ng trabaho sa panahong ito, lalo at average

lang ang mga grado niya nang magtapos ng AB Mass Communications sa PUP. Kaya nang sabihin sa kanya ni Sir Makoy na hired na siya noong final interview, hindi niya napigilan ang mapatili. Mataas din ang kanyang sahod kaya walang rason para hindi siya magtiyaga. Aba, gusto niyang mabigyan ng magandang buhay ang kanyang pamilya. Hindi man sila naghihikahos sa buhay, malaking tulong pa rin iyong pagkakaroon niya ng trabaho.

Ngunit siyempre, hindi maaaring magtiis na lang siya palagi kahit na nasasaktan na ang kanyang damdamin. May mga pagkakataon kasi na kapag hindi niya nasusunod si Sir Makoy o kaya ay lumagpak sa standard nito ang kanyang trabaho, pinagagalitan siya nito nang husto. May pagkakataon ding nagagawa pa siya nitong sumbatan.

*“Sana ay sulitin mo ang ipinapasuweldo ko sa ’yo,”* palaging sabi nito.

Noong una ay nabigla siya, ngunit kinalaunan ay nasanay rin siya. Alam niyang napakahalaga rito ng bawat sentimong ibinabayad nito sa mga empleyado. Ngunit nitong huli ay hindi na siya nakapagpigil at nagbaba na siya ng napakabigat na desisyon na hanggang ngayon ay sumusugat sa kanyang puso. Nag-file siya ng resignation.

Two weeks ago ay nag-file siya ng vacation leave para umuwi sa probinsya dahil silver wedding anniversary at renewal of vows ng kanyang mga magulang. Siyempre, gusto niyang makatulong sa paghahanda at makasama ang kanyang pamilya, pero ayaw i-approve ni Makoy ang leave niya. Sinabi nitong mas kailangan siya nito. Ilang beses pa siyang nakiusap pero naging matigas ito, kaya nagdesisyon na siyang magbitiw. Hindi na niya kayang magpaalipin sa isang taong walang puso.

Bumuga siya ng hangin. Ganoon ang nakikita niya kay Makoy. Nakagapos na ang puso nito at utak na lamang ang gumagana, kaya pakiwari niya ay manhid na ito sa anumang pagod. Ang naka-paste na lang sa isipan nito ay peso sign. Iyon lang ang nagagawa nitong intindihin.

Sa tatlong taong pagsasama nila sa advertising company nito ay naging dependent na ang lalaki sa kanya. Sanay ito na palagi siyang nakabuntot dito na parang aso at tila alipin na hindi maaaring huminga kapag may ipinag-uutos ito. Kaya naman niyang tiisin ang lahat ng iyon dahil mahal niya ang kanyang trabaho, lalo pa't binigyan din siya nito ng pagkakataon na gumawa ng storyboard para sa mga commercials. Kung hindi lang nito inawat ang gusto

niyang gawin, hindi niya maisisipang magsabi ng ‘I give up’, lalo pa at sanay na sanay na siyang kasama ito sa araw-araw.

Higit kaninuman ay ang pamilya ni Marian ang pinakamahalaga sa kanyang buhay. Ang pinakaimportante sa kanya ay ang kaligayahan ng mga ito. At dahil hinahadlangan siya ni Sir Makoy, minabuti niyang iwan na lang ito.

Iyon nga lang, napakabigat sa dibdib niya nang gawin iyon. Minahal na kasi niya nang todo ang kanyang trabaho.

*Trabaho nga lang ba?*

Isang malalim na buntunghininga muna ang kanyang pinakawalan bago niya tinanggap ang katotohanan. Gusto talaga niyang magkatrabaho agad noong maka-graduate siya. Siyempre, gusto niyang matulungan ang kanyang pamilya. Nais niyang pasayahin ang kanyang mga magulang at maging proud ang mga ito sa kanya, bagay na alam niyang mangyayari kapag nagkaroon siya ng magandang career.

Kaya sa bawat araw ay ipinakita niya kay Sir Makoy ang kanyang dedikasyon. Lahat ng utos nito ay sinunod niya. Kung minsan nga, pati sa pagtatago nito sa mga babaeng naghahabol dito ay kasabwat

siya. Siyempre, wala naman siyang choice kundi sundin ang utos nito. Sinabi nga nito, sinusulit lang nito ang ibinabayad sa kanya.

Pera, pera, at maraming pera.

Pakiwari ng dalaga ay wala itong ibang iniisip kundi ang peso sign. Kaya wala itong pinalalampas sa lahat ng projects na dumarating. Ang ending tuloy, ang staff nito ang laging nahihirapan—at isa si Marian doon.

Salamat na lang at wala na siya sa kompanyang iyon. Dapat ay masaya na siya, pero ewan kung bakit hindi ganoon ang kanyang nararamdaman. Pakiwari nga niya ay tila may mabigat na bakal na nakadagan sa kanyang dibdib.

Nami-miss ba niya ang kanyang trabaho?

O nami-miss niya si Sir Makoy?

Ipinilig niya ang ulo. Hindi niya gustong tanggapin iyon, pero para nang glue na nakadikit ngayon sa kanyang isipan ang hitsura nito.

Tall, white and super handsome. Iyon ang perpektong paglalarawan sa binata. Prince Charming material, sabi nga. Alun-alon ang buhok nito na bumagay sa hugis ng mukha, ang half-moon na mga mata na parang laging nangungusap ay tinernuhan ng mahahabang pilik at maarkong kilay,

matangos ang ilong at ang mga labi ay maninipis at mapupula. Kapag ngumiti ito, maraming babae ang natataranta—at isa na siya roon.

*Marian Andres, magtigil ka!* inis niyang sikmat sa sarili.

Hindi natuturuan ang puso, pero umaasa siya na isang araw ay magagawa rin niyang kalimutan ang dating boss, lalo pa at malayo na siya rito.

Nang mag-resign siya sa kompanya nitong *D' Creative Minds*, nagpasya na siyang umuwi sa Nueva Ecija. Doon na siya maghahanap ng trabaho at habang wala pang nakikita ay tutulong-tulong muna siya sa kanyang mga magulang. Mayroon silang maliit na lupain. Bukod sa palayan ay mayroon din silang mga tanim na gulay tulad ng ampalaya, kalabasa, sitaw, kamatis at labanos. May ilan din silang fruit-bearing trees tulad ng makopa, bayabas, mangga, at niyog.

Kung tutuusin, kahit hindi siya magtrabaho ay hindi naman talaga siya maghihirap. Pero siyempre, gusto niyang mapaluguran ang kanyang mga magulang at saka iba pa rin talaga iyong nagagamit niya ang kurso niya kaya gusto niyang mapasok ang mundo ni Makoy Alcantara.

Ang paggawa ng TV o print ads ang gustung-

gustong gawin ni Marian. Iyon ang dahilan kaya kahit sobrang higpit ng kanyang boss, nagawa niyang magtiyaga nang husto sa kompanya. Marahil ay umasa siyang isang araw ay magbabago ito, pero napakaimposible yatang mangyari niyon. Naka-program na kasi sa utak nito na pera ang pangunahing pangangailangan ng tao. Alam nito na makakakuha agad ito ng pagkain, damit at bahay kung marami itong salapi.

*Hay, naku!* inis niyang sabi sa sarili. Hindi na niya ito dapat problemahin dahil hindi na naman muling magkukrus ang kanilang mga landas.

“Oy, Ate...”

Napaigtad siya sa gulat nang bigla siyang tapikin Napahagikgik ang nag-iisa niyang kapatid na si Ella, labindalawang taong gulang.

“What is love?” tanong nito.

“Love is like a rosary—full of mystery,” gulat pa ring sagot niya.

“Who is your love?” mabilis nitong tanong.

Agad siyang sumagot. “Si Makoy Alcantara.”

Pilyang humagikgik ito. Alam na alam kasi nitong nadudulas siya at nakakapagsabi ng totoo kapag binibigla. Iyon ang dahilan kaya hindi siya marunong magsinungaling. “Uyyy... si Ate!”

“Ha?”

“Siya ang love mo.”

“Sino’ng love ng ate mo?” singit ng kanilang ina—‘Nanay Melba’ kung tawagin sa kanilang baryo. Ngiting-ngiti ito. Alam niyang super saya itong makita silang magkapatid na nagba-bonding.

“Si Makoy... ano nga’ng apelyido, Ate?” na usisa ni Ella.

“Alcantara,” gulat uli niyang sagot.

Ang nanay niya ang nagsalita. “Sinasabi ko na nga ba, eh,” sabi ng nanay nila.

“Hindi ho...” tanggi niya. “H-hindi ho... hindi ko ho mahal si Sir Makoy.” Pakiramdam niya ay tumatanggi ang kanyang sarili at ‘ows’ naman ang sinasabi ng kanyang isip.

“Liars go to hell, Ate,” nananakot na sabi ni Ella. Pinandilatan niya ito. “Maligo ka na nga.”

“Kaliligo ko lang,” anitong inamuy-amoy pa ang sarili. “Ikaw nga itong maasim, eh.”

“Hindi, ah,” wika niyang inamoy rin ang sarili. “Ang bango ko kaya.”

Niyakap siya nito. “Siyempre, ang bango ng ate ko.”

“Ang sweet-sweet talaga ng kapatid ko,” nakangiti niyang sabi. Kaya naman ipinapangako niya sa sarili



na never niya itong pababayaang.

“Mahal na mahal ka niyan kaya super happy nang bumalik ka rito,” pahayag ni Nanay Melba.

“Huwag kang aalis ulit, Ate, ha,” tila nagmamakaawang sabad ng kanyang kapatid.

Hindi niya magawang mangako kaya hindi niya ito masagot. Niyakap na lang niya ito. “Basta kahit nasaan ako, love na love ka ni Ate.”

“Babalik ka pa rin ng Manila?” tanong ng kanyang ina.

Nagkibit-balikat si Marian. “Hindi ko pa ho alam,” matabang niyang tugon.

Ngumiti ito. “Kunsabagay, kadarating mo lang naman. Two days ka pa lang dito kaya mahaba pa ang panahon mo para mag-isip. Baka naman nami-miss mo na ’yong si Makoy Alcantara.”

“Hiwalay na po kami,” wika niya, saka ipinilig ang ulo. “Nag-resign na po ako.”

“Pero kahit pilitin mong itago, alam kong malungkot ka,” komento nito habang titig na titig sa kanya.

“Kasi po, wala po akong pinagkakakitaan,” nahagilap niyang sabihin ngunit alam niya ang totoo. Ayaw lang talaga niyang i-entertain sa kanyang isip ang ideyang iyon.

“Hindi ’yan ang dahilan,” nanunudyo nitong sabi.  
“Dahil naiwan mo ang puso mo sa Manila.”

“Para naman kayong si Ella.”

“Mali ba kami, hmm?”

Gusto sana niyang magsabi ng ‘yes’, pero parang may kung anong nakabara sa kanyang lalamunan kaya hindi niya iyon maibulalas.



Alas diez na ng gabi, pero hindi pa rin makatulog si Marian kaya minabuti niyang bumangon. Hindi siya sanay matulog nang ganoon kaaga. Sa loob ng tatlong taon ay natutulog na siya nang ala una ng madaling-araw at nagigising naman nang alas seis ng umaga.

*Sarili mo na ngayon ang oras*, sabi niya sa sarili. Dapat ay maging happy siya, pero hindi niya magawa. Talagang nami-miss niya ang kanyang trabaho.

*At si Sir Makoy*, dugtong ng atribidang boses sa kanyang isip.

Napa-lotus position siya, sabay sabunot sa sarili. Feeling kasi niya ay malapit na siyang mabaliw. Para kasing naririnig niya ang boses ni Sir Makoy. Hindi lang iyon, parang nakikita rin niya ito sa isipan.

Bakit ganoon?

May feelings ba siya rito?

*Erase, erase!* inis na inis niyang saway sa sarili at saka ginulu-gulo ang buhok. Talagang hindi mawala-wala sa kanyang utak ang lalaki. Sa bawat oras na hindi niya ito kapiling, pakiramdam niya ay may patalim na sumusugat sa kanyang puso.

Nang hindi na siya makatiis ay lumabas na siya sa kanyang silid. Nagtungo siya sa kusina.

“Gusto mo ba ng gatas?”

“Nay,” gulat niyang sabi nang makita si Nanay Melba.

“Para namang nakakita ka ng multo.”

“Nagulat lang po ako. Sanay na po kasi akong nag-iisa.”

“Hindi mo na ba kami kailangan?”

Gilalas siyang napatingin sa ina. “Alam n’yong hindi ganyan ang ibig kong sabihin.”

Tumango ito. “Pero balik-probinsya ka na ulit?”

Malalim na buntunghininga ang kanyang pinakawalan.

“Hindi ko naman hinihiling na dumito ka na lang. May kalayaan ka namang mamili ng buhay na gusto mo. Sana lang ay i-enjoy mo muna ang bakasyon. Huwag mong iparamdam na hindi ka masaya sa amin,” anitong biglang gumagaralgal ang boses.

Muli ay gilalas na napatingin si Marian sa kausap. Hindi niya akalain na ganoon na pala ang nadarama nito. Sunud-sunod ang ginawa niyang pag-iling, kapagkuwan ay niyakap niya ito. Nakonsyensya siya nang husto. Pakiramdam niya ay naging masyado siyang insensitive. Wala na kasing ibang tumatakbo sa isip niya kundi si Makoy Alcantara. Naiisip kaya nito na naging mabuti rin siyang assistant? Na-realize kaya nito na kaya nito kahit wala siya?

Ipinangako niya sa sarili, ang pamilya muna niya ang kanyang iintindihin. Aalisin muna niya si Makoy sa kanyang isipan.

*Sure ka ba?* dudang tanong niya sa sarili.

*Yes!* sagot ng utak niya.

*Kaya mo ba?* usisa ng puso niya.

Ipinangako niya sa sarili na susubukan niya.

Kaya naman nang sumunod na mga araw ay itinutok niya nang husto ang atensyon sa kanyang pamilya, lalo na sa pag-aayos sa muling pagpapakasal ng kanyang mga magulang. Kung hindi kasi ganoon ang gagawin niya, alam niyang masasaktan lang niya ang kanyang pamilya. Siyempre, hindi niya hahayaang mangyari iyon.

Sinabi nga niya sa sarili, ang dapat niyang intindihin ay ang mga taong nagmamahal sa kanya

at hindi ang taong binale-wala lang siya.



*Huwag mong sagutin. Huwag mong sagutin,* paulit-ulit na sabi ni Marian sa sarili habang nakatitig sa cell phone niyang patuloy na nagri-ring. Tumatawag ang kanyang boss—si Makoy Alcantara.

Her ex-boss, pagtatama niya.

Nang mag-resign siya nang araw na iyon, putol na dapat ang kanilang ugnayan. Kaya hindi niya maintindihan kung bakit tumatawag pa ito ngayon.

*Magso-sorry ba siya sa akin?* tanong niya sa sarili, pero pagkaraan ay ipinilig niya ang ulo. Para naman kasing imposible iyon. Hindi ang tipo ni Makoy Alcantara ang hihingi ng tawad. *Pero what if...?*

Kung iyon talaga ang layunin nito ay mabuti, pero hindi magiging madali rito na kunin ang kanyang kapatawaran. Nais niyang pahirapan ito. Kung talagang hihingi ito ng tawad sa kanya, mas gusto niyang personal siya nitong puntahan para gawin iyon.

Napangiwi siya. Imposible iyon dahil wala sa bokabularyo nito ang magpakumbaba. *Huwag kang umasa sa himala,* sabi niya sa sarili.

Kaysa pansinin pa ang tawag ng kanyang ex-boss, minabuti niyang ibaling ang atensyon sa

pagbabasa ng pocketbook. At para maka-concentrate doon ay kinailangan niyang ilagay sa silent mode ang kanyang cell phone.

Malalim at marahas na buntunghininga ang pinakawalan ng dalaga matapos ang dalawang oras na pagbabasa. Para kasing gusto niyang maniwala sa happy ending. Na sa pag-ibig, lahat ng tao ay pantay-pantay—walang mayaman at walang mahirap, walang empleyado at walang boss.

*Ugh!* Para tuloy may bumatok sa kanya nang malakas. Parang sinasabing kailangan niyang matauhan. Sa realidad kasi, imposibleng mangyari iyon kaya damang-dama niyang nagdurugo ang kanyang puso. Hindi magkakaroon ng katuparan ang kanilang love story.

Naputol ang pag-e-emote niya nang may kumatok sa pinto ng kanyang silid. Tiyak niyang hindi iyon si Ella dahil nagbilin ang nanay nila na huwag siyang kakatukin ng kapatid hangga't hindi siya nagigising. Well, kanina pa siya gising, pero wala pa siyang ganang harapin ang bagong umaga na hindi kasama ang kanyang Sir Makoy.

*Tumigil ka nga!* naiinis niyang saway sa sarili.  
“Marian.”

Napasinghap ang dalaga nang marinig ang

makapangyarihang boses ng kanyang ama. Kapag ganoon ang tono nito, alam niyang mayroon itong mahalagang bagay na nais tuklasin.

“Po?” wika niya nang buksan ang pinto. Pero bago ginawa iyon ay nag-sign of the cross muna siya. Bata pa lang siya ay nakagawian na niya iyon at dahil nga nakasanayan na, kahit na wala naman siyang ginagawang masama ay nananalangin pa rin siya na sana ay wala talaga siyang nagawang mali.

“May bisita ka,” anunsyo nito.

Kumunot ang noo niya. “Sino po?”

Kung sumagot man ito sa kanyang tanong, hindi na niya narinig. Nasilip na kasi niya kung sino ang sinasabi nitong bisita—si Makoy.

## CHAPTER *Two*

“Sir!” gilalas na bulalas ni Marian. Talagang hindi siya makapaniwala na nasa bahay nila ang lalaki. Hindi tuloy niya napigilang sampalin ang sarili para tiyaking gising siya. Napalakas iyon at hindi niya napigilang mapaigik.

“Marian, umayos ka nga,” saway ni Mang Teban, matalim ang tingin sa kanya.

Disiplinado at konserbatibo ang kanyang ama kaya napa-straight siya ng tayo. Kahit damulag na siya, alam niyang hindi ito magdadalawang-isip na batukan siya kapag nagkamali siyang suwayin ito.

Pero kahit na mala-Max Alvarado ang boses nito at Eddie Garcia naman ang karakas, never niya itong ipagpapalit sa kahit na sinong tatay. Alam kasi niyang



handa itong pumatay kapag naagrabyado ang anak.

Napatingin siya kay Sir Makoy. Ngayon ay kumbinsido na siyang nasa harapan nga talaga niya ang lalaki. Kung hindi lang niya napansin na masama ang tingin dito ng kanyang ama, hindi siya mag-aalala nang ganoon. Para kasing gusto itong balatan nang buhay ng matanda. Never siyang naglihim sa kanyang mga magulang. Siyempre, ipinagtapat niya sa mga ito ang nangyari. Bad trip tuloy ang tatay niya kay Sir Makoy.

Sinabi pa ng tatay niya na kapag nakita nito si Sir Makoy, makatitikim ang binata ng sapok. Sa isiping iyon ay napasinghap si Marian. Siyempre, hindi niya gustong masaktan ng ama ang kanyang future husband.

Ang lakas ng kanyang pagsinghap. Ilang beses na niyang pinaniwala ang sarili na crush lang niya ang dating boss. Siyempre, lahat ng katangian na hinahanap ng babae sa lalaki ay naririto na—guwapo, macho at matangkad. Bonus na lang ang talino at yaman.

Hindi sapat iyon para sabihing mahal niya ito, pero bakit ang bilis-bilis ng pintig ng puso niya kapag nakikita o nakakausap ito?

“Ano’ng ginagawa mo rito, Sir Makoy?”

“I need you,” mariin nitong sabi na tila nagpaguho sa katatagan nito. Pakiwari niya ay gusto nitong umiyak habang nakatitig sa kanya.

“Ano?” gilalas niyang bulalas. Kung magsalita ito ay parang magpo-propose ng kasal.

Sa tingin nga niya ay napakamiserable nito sa isang linggong ‘paghihiwalay’ nila. Napingasan ang kaguwapuhan nito. Naglaho ang kislap na palagi niyang nakikita sa mga mata nito sa tuwing may pumapasok na pera sa kompanya nito.

“Mag-usap nga kayo nang maayos,” matigas na sabi ng tatay niya.

“Tay!” shocked niyang sambit. May hawak-hawak na kasi itong itak kaya nanlaki ang kanyang mga mata.

“Maghahasa lang ako ng itak ko,” anito na matalim ang tingin kay Makoy. Pagkatapos ay sumenyas ito habang ikinukumpas ang itak. “Sige, maupo kayo sa sala at doon mag-usap. Magkatapat, hindi magkatabi.”

Sinabi ni Marian sa sarili na dapat siyang magalit kay Makoy Alcantara dahil hindi nito pinahalagahan ang kanyang damdamin at ang pagmamahal niya para sa pamilya. Ngunit ngayong kaharap na niya ito, parang magic na agad napalis ang lahat ng

negatibong damdamin niya rito.

“Bumalik ka na sa akin, please...”

Natawa siya sa sinabi nito. “Kung magsalita naman kayo, parang naging tayo.”

Hindi niya malaman kung matatawa sa ama o ano. Umupo kasi ito malapit sa pintuan at doon naghasa. In-exaggerate pa nito ang ginagawang paghahasa, obvious na may gustong iparating kay Makoy.

“Ang ibig kong sabihin, bumalik ka na sa kompanya ko.”

“Resigned na ako.”

“Ibasura ko ang resignation mo.”

“Hindi n’yo tinanggap ang two-week vacation leave ko.”

Matagal bago ito sumagot. “Sorry about that.”

“Marunong ka palang mag-sorry?”

“Kailangan kita.”

Nanlaki ang mga mata ni Marian. Hindi siya makapaniwala kaya parang gusto niyang sampalin na naman ang sarili. Pero naisip niyang baka siya na ang tagain ng ama sa kabuwisan sa kanya.

Umiling siya. Siyempre, alam niyang hindi iyon gagawin sa kanya ni Mang Teban. Mahal na mahal yata siya nito. Pero tiyak niyang masasaktan siya rito

kapag tumili siya. Talaga kasing nakagigilalas ang sinabi ni Sir Makoy na, “Kailangan kita.” Kinilig siya roon. Kung magsalita naman kasi ang lalaking ito ay para bang in love ito sa kanya at hindi mabubuhay nang wala siya.

“Kailangan ka ng kompanya,” pagtatama nito.

“Why?”

“Kailangan ko ang utak mo.”

“Hindi ko ipinamimigay ang utak ko,” papilosopo niyang sagot kahit alam niya ang ibig nitong sabihin. Hindi man siya *cum laude* nang magtapos ng kolehiyo, creative naman siya. Sa loob ng tatlong taon, apat na TV commercials na ginawa niya ang pumatok sa madlang *pipol*. Ang jingle nga na ginawa niya, isang taon na ang lumipas ay kinakanta pa rin ng mga bata.

“Bumalik ka na sa kompanya ko.”

“Para alilain mo ulit?” inis niyang tanong.

“Of course not.”

“Of course yes,” sarkastiko niyang kontra. “Ganoon ang ginawa mo sa akin at sa lahat ng empleyado mo. Lagi mong ipinaparamdam sa amin na ikaw ang mayaman, ikaw ang amo.”

“Iyon naman ang totoo.”

“Feeling mo, magiging matagumpay ang business

mo kung walang magtatrabaho para sa 'yo?"

"Name your price," sa halip ay sagot nito.

Napapitlag si Marian nang ihampas ng kanyang ama ang itak nito sa kahoy. Obviously, hindi nito nagustuhan ang sinabi ni Sir Makoy kaya hindi na ito nakapagpigil. Ay, nakapagpigil pa pala. Kung hindi na kasi talaga ay baka naitaga na nito iyon sa kausap niya.

"Sa palagay mo, pera lang talaga ang katapat ko?" inis niyang sabi.

"Seventy-five thousand a month."

Kahit na doble iyon ng dating sahod niya, matigas pa rin ang pagsasabi niya ng, "Not me."

"Ows?"

"Hindi ko kailangan ang pera mo," mariin niyang sabi.

High-blood na rin ang kanyang ama nang magsalita. Kung hindi lang nakadalo ang kanyang ina, siguradong nataga na si Makoy. Gayunman, dinuro ng matandang lalaki ng itak ang kanyang dating boss habang namumula ang mukha sa galit.

"Hoy, lalaki! Huwag mong ipagmalaki ang pera mo. Mabubuhay si Marian ko kahit hindi magpakamatay sa pagtatrabaho sa 'yo. Lumayas ka sa pamamahay namin!"

“Tay,” saway niya.

Gilalas itong napatingin sa kanya.

“Hayaan n’yo muna kaming mag-usap.”

Sumingit ang kanyang ina. “Halika na,” mariin nitong yakag sa asawa kaya walang nagawa ang huli kundi sumama.

“Tatanggihan mo ang offer ko sa ’yo?” hindi makapaniwalang tanong ni Makoy.

“Yes.”

“Eighty thousand.”

“Talagang ayaw mong sumuko.”

“You should be proud dahil ikaw lang ang inalok ko ng ganitong pagkakataon.”

“At kapag tinanggap ko, ano’ng mangyayari?”

“Sasama ka pabalik ng Manila,” simpleng sagot nito.

“Ikakasal pa ang parents ko.”

“When?”

“Two weeks from now.”

“Ganoon kahaba ang bakasyong hinihingi mo sa akin,” paalala nito sa kanya.

“Baka nakakalimutan n’yo na nag-resign ako ten days bago ang leave ko,” paalala rin niya.

Marahas na buntunghininga ang pinakawalan nito. “Okay, I can wait.”

“Hindi pa ako pumapayag.”

“Gusto mo pa ng mas mataas na sahod.”

“Again, it’s not about the money,” mariin niyang sabi. “Kahit pasahurin mo ako ng isang milyon kung lagi mo namang isusumbat sa akin ’yon, wala rin.”

Kumunot ang noo nito. “Sinasabi mo bang nagsayang lang ako ng oras sa pagpunta rito?”

“Ikaw ang makasasagot niyan.”

“What do you mean?”

“Babalik ako sa kompanya n’yo *kung* susunod kayo sa kondisyones ko. Ikaw ang may kailangan sa akin kaya ikaw dapat ang susunod, Sir Makoy.”

“Anong kondisyones mo?” madilim ang mukhang tanong nito.

“Una, two weeks tayong mag-i-stay dito.”

“Tayo?” ulit nito, hindi makapaniwala.

Hindi niya pinansin ang sinabi nito. “Pangalawa, kailangan n’yong maranasan ang maging mahirap,” mariin niyang turan para maisaksak iyon nang husto sa kukote nito.



Siya si Marcuz Alcantara, pero mas gusto niyang ‘Makoy’ ang tawag sa kanya. Para kasing mas madaling abutin ang pangalang Makoy kaysa sa Marcuz. Gusto niyang matawa sa kanyang dahilan.

Para namang napakalayo ng rason niya sa klase ng pakikitungo niya sa kanyang mga tauhan.

Bumuntunghininga siya nang malalim. Sa tingin naman niya ay walang mali sa kanyang ginagawa. Natural lang iyon sa mga boss. Siyempre, kailangan niyang maging istrikto nang todo dahil sayang naman ang pera kung makikita niyang nakatunganga lang ang kanyang mga tauhan. Gusto kasi niyang makitang seryoso ang mga ito sa trabaho.

Kaya lang, may mga pagkakataon na alam niyang napapasobra na nga siya. Ilang beses tuloy niyang nakastigo ang sarili noong mag-resign si Marian. Hindi siya pumayag na magbakasyon ito para dumalo sa kasal ng mga magulang nito. Alam niyang isa iyong malaking pagkakamali.

Bata pa lang siya ay wala na siyang mga magulang. Buhay pa naman ang mga ito, pero may kanya-kanya nang pamilya. Kahit pa sabihing inaruga siya ng mga magulang ng kanyang ama na sina Lolo Sebastian at Lola Estella, para sa kanya ay hindi sapat iyon. Gusto niya siyempreng magkaroon ng nanay at tatay, ngunit hindi nangyari ang kanyang hiling kaya isinubsob na lamang niya ang kanyang atensyon sa pag-aaral at business. Nagtapos siya ng Business Management at nagtuloy rin sa Mass Communications. Nag-aral



siya sa *Harvard University* para kumuha ng master's degree sa Advertising.

Ngunit sa kabila ng mga pag-aaral na kanyang ginawa ay para pa ring may kulang. At alam niyang hindi iyon mapupunan kung wala ang mga katulad ni Marian. Hindi niya napigilang mapailing sa isiping iyon. Hindi man kasing-sikat ng mga eskuwelahan na pinasukan niya ang universidad na pinanggalingan nito, kailangan pa rin niya ang talino nito. Pakiwari niya, kung wala ito ay babagsak ang kanyang kompanya.

Ah, hindi niya iyon mapapayagan!

“Ano?” napapantastikuhan niyang tanong. Hindi siya makapaniwala sa kondisyon na iyon ni Marian. Sinabi niya sa sarili, walang dahilan para sundin niya ang gusto nito, pero sa palagay niya ay hindi niya makukuha ang dalaga kapag hindi niya iyon ginawa—at hindi niya mapapayagan iyon.

Sa ilang araw na wala ito sa kanyang tabi, natanto niya na malaki itong kawalan sa kanyang kompanya. Maraming advertisers ang nag-reject sa commercial ads nila. Iba talaga ang ‘Marian’s touch’ kaya kaysa walang pumasok na ads sa kanila, nagdesisyon siyang ibaba na ang kanyang pride.

Nang muling pumasok sa isip niya ang kondisyon

nito ay parang gusto na niyang mag-walk out. Walang sinuman ang maaaring magbigay ng kondisyon sa kanya. Siya ang mayaman kaya siya dapat ang magbigay niyon, lalo na sa kanyang mga empleyado. Ngunit iba ang sitwasyon nila ni Marian. Nag-resign na ito kaya dati na niya itong empleyado.

Bumuntunghininga si Makoy sa naisip. Na-realize niya na siya nga pala ang may kailangan sa babae. Kailangan niya ang talino at kakayahan nito para sa kanyang kompanya.

“Malinaw at malakas ang pagkakasabi ko kaya alam kong narinig mo,” nakangiting saad nito.

“Paano kung tumanggi ako?” naghahamon niyang tanong.

“Maluwang ang pagkakabukas ng pinto, Sir Makoy,” sarkastiko nitong sagot.

Kung hindi siya nakapagpigil ay nakapagmura na siya. Paano kasi, iyon din ang sinasabi niya sa mga empleyadong ayaw sumunod sa kanya.

“So, ano po ang sagot ninyo?”

“Okay, alilain mo ako.”

Hindi nito pinansin ang kanyang sinabi bagaman nakangiti kaya tiyak niyang may kung anong naglalaro sa isip nito. “May rules ka ring dapat sundin,” anitong nagniningning sa kapilyahan ang

mga mata.

Napatitig siya rito. At noon niya napansin na marunong pala itong mang-akit. Hindi lang dahil sa mala-bote ng *Coca-Cola* nitong pangangatawan kundi sa mapanuksong paraan ng pagtitig nito habang matamis ang ngiti kaya nabigyan ng emphasis ang mapupula nitong labi na tinernuhan ng mapuputi at pantay-pantay na ngipin. Lalong lumutang ang kagandahan nito sa matangos na ilong at sa hugis-pusong mukha na parang *Barbie* doll.

Kaya natitiyak niya na kung magkakaanak siya rito ay tiyak na maganda o—

*What?* gilalas niyang sabi sa isip. Hindi siya makapaniwala na nagawa niyang isipin ang bagay na iyon.

Kunsabagay, paano ba niya hindi maiisip iyon gayong sampung araw na siyang diet sa sex. Nagkapatong-patong din ang kanyang kamalasan. Hindi siya naniniwala sa malas at suwerte, pero hindi niya napigilang isipin na si Marian ang kanyang lucky charm. Mula kasi nang dumating ito sa kanyang kompanya, sinuwerte na siya—hindi lang sa kanyang business kundi pati na rin sa sex life. Siyempre, dahil sagana siya sa pera, wala siyang problema sa panggastos kaya ganado siyang mag-entertain ng

mga babaeng patay na patay sa kanya.

“Hindi ka maaaring mandaya,” wika nito.

Kumunot ang noo niya. “Inaakusahan mo ba akong mandaraya?”

“Three years tayong nagsama sa iisang kuwarto—” Tumigil ang dalaga dahil parang iba ang dating ng sinabi kaya minabuti nitong i-rephrase ang pangungusap. “I mean, magkasama sa opisina—kaya kilalang-kilala kita.”

Hindi siya makapaniwala sa narinig. “Mandaraya ako? Sino’ng dinaya ko?”

Ngumiti ito nang ubod-tamis.

Sa inis na nararamdaman ni Makoy sa klase ng ngiti nito, parang gusto niya itong kuyumusin ng halik.

*Damn!* di-makapaniwalang mura niya sa isip. Ewan niya kung bakit naisip niya iyon habang nakatitig siya sa dalaga.

Umiling-iling siya. Tila damang-dama niya ang mga araw na nabakante siya kaya ganoon ang nararamdaman niya sa kaharap. Tumindi pa ang naramdaman niya nang bumaba sa katawan nito ang kanyang tingin. Bagaman may kakapalan ang blouse at may kahabaan ang shorts na suot nito ay hindi naging hadlang iyon para hindi niya ma-imagine

kung gaano kagandang tanawin ang ikinukubli ng mga saplot nito sa katawan. Sa tingin niya ay 36-24-36 ang vital statistics nito.

Waring naramdaman nito ang tumatakbo sa kanyang utak kaya kumuha ito ng almohadon at itinakip sa katawan saka niyakap iyon. “Lagi mong sinasabi na ideya mo ang mga commercial ads kahit hindi naman. Ang mga empleyado mo ang kalimitang nag-iisip ng mga iyon.”

“Nagbayad ako sa inyo at saka hindi ninyo maiisip iyon kung hindi ako nagsabi ng gusto ko at dapat ninyong gawin.”

“Hindi mo ba naisip na mas masarap na bayad’yong ipagmalaki mo naman sa mga advertisers na ‘uy, si ganyan ang nag-isip niyan,’ o ‘Miss ano, Mister ano, congratulations, nagustuhan ang ideya mo. Ang galing. Kaya hindi ako nagkamali na kinuha kita.’ ”

“I don’t believe you.”

“But it’s true,” sagot nito. “Masarap ang mapuri. Saka ang tagumpay sa bawat project ay tagumpay ng lahat.”

“Ibinabahagi ko naman sa inyong lahat, ah.”

“Dahil sa bonus, yeah. Pero hanggang doon lang dahil inaangkin n’yo ang lahat ng credit.”

May sakit at disappointment siyang nakikita sa

mga mata ni Marian. Kung maaari nga lang ay gusto niyang haplusin ang mukha nito nang may pagsuyo. Baka sa pamamagitan niyon ay maglaho ang mga negatibong damdamin na iyon. Ngunit alam niyang hindi na niya iyon magagawa dahil siya ang dahilan kaya ito nakakaramdam ito ng ganoon.

“Sorry.”

Tinitigan lang siya nito.

“What?”

“Para kasing sinasabi n’yo lang iyan dahil kailangan at hindi dahil iyan ang inyong nararamdaman,” wika nito, saka nagkibit-balikat. “Anyway, pumapayag na ba kayo sa kondisyon ko?”

Marahas siyang bumuntunghininga. “May choice ba ako?”

“Wala.”

Bumuga uli siya ng hangin. “Sige, pasunurin mo ako sa lahat ng gusto mo. Alilain mo ako kung kinakailangan. Basta sa huli, titiyakin kong magiging akin ka,” aniyang pinakadiinan ang limang huling kataga.

## CHAPTER *Three*

*T*itiyakin kong magiging akin akin ka.  
Tila umaalingawngaw sa pandinig ni Marian ang sinabing iyon ni Makoy. Napahawak siya sa kanyang pisngi. Pakiramdam niya ay may sumampal sa kanya. Naisip kasi niya na baka may plano itong ligawan siya. Alam niyang malaking kalokohan iyon. Imposibleng mangyari!

Kahit hindi naman naghihikahos ang pamilya niya sa Nueva Ecija, alam niyang langit at lupa pa rin ang pagitan nila ng binata. Tiyak din niyang hindi siya ang tipo nitong babae. Kaya kailangan niyang sikilin ang kilig na naramdaman niya sa sinabi nito. Kung hindi niya gagawin iyon, siya rin ang kawawa dahil aasa siya sa wala.

“Hey,” untag nito sa kanya.

“Ha?”

Ngumiti ito.

Iniiwas niya ang tingin sa lalaki. Para kasing gusto nitong ipailalim siya sa spell nito. Kaya kung may kakayahan man itong manggayuma sa pamamagitan ng nang-aakit nitong mga mata ay hindi ito magtatagumpay dahil hindi niya ito titingnan. Promise!

“Saan ba naglakbay ang utak mo?”

“Sa ’yo,” nabigla niyang tugon. Kung bakit ba kasi hindi siya nakakapag-isip nang maayos kapag nagugulat! Nang mapatingin si Marian sa nanunuksong mga mata nito ay parang gusto niyang dukutin ang mga iyon.

“Ang suwerte ko naman.”

“Iniisip ko lang kung anong pagpapahirap ang gagawin ko sa ’yo, Sir Makoy,” sarkastiko niyang sabi, saka ngumisi. Ah, kailangan niyang pag-aralang kontrahin ang nararamdaman.

At alam niyang malaki ang maitutulong sa kanya ng mga magulang.



“Bakit ba kasi hindi mo na lang sabihing ayaw mo?” naiinis na tanong ng tatay ni Marian.



“Kasi po, love niya si Kuya Makoy,” singit ni Ella kahit na busy sa coloring book.

“Shh!” saway ni Marian sa kapatid at kahit hindi ito nakatingin sa kanya ay pinanlakihan niya ng mga mata.

“Ella, hindi ka dapat sumisingit sa usapan ng matatanda,” saway rito ng kanilang ina.

“Sorry po.”

“Totoo ba iyon?” tanong ng kanyang ama.

“Crush lang,” sagot niya.

Malalim na buntunghininga ang pinakawalan nito.

“Saka nami-miss ko rin naman ho ang trabaho ko. Kaya lang, gusto ko siyang turuan ng leksyon. Baka kasi sa pamamagitan n'on ay magbago siya.”

“Mabait naman si Kuya Makoy, eh,” sabad na naman ni Ella.

Sa pagkakataong iyon, napatango at napangiti si Marian sa sinabi ng kapatid. Agad nagpakita ng pagkagiliw rito si Makoy na alam niyang likas na mahilig sa mga bata.

“Ikaw ba talaga ay sasabad nang sasabad palagi?” sita kay Ella ng tatay nila. Tulad niya ay takot din ito kapag ganoon na ang tono ni Mang Teban. “Isa pa, makakatikim ka na sa akin.”

*Weh?* parang gustong sabihin ni Marian. Alam kasi niya na hindi nito magagawang paluin ang bunso.

“Kunsabagay, kung magiging manugang ko siya ay kailangan ko siyang makilalang mabuti,” sabi nito.

Ang lapad ng ngiti niya bilang reaksiyon.

“Pero huwag kang umasa,” singit ng kanyang ina.

Para siyang sinampal. “Ang gusto ko lang ay maturuan siya ng leksyon. Baka sakaling ma-realize niyang hindi laging pera ang magpapaligaya sa tao,” turan niya.

“Sige, bukas na bukas ay mag-uusap kami,” deklara ng matandang lalaki.

Hindi niya tuloy napigilang takbuhin ito at yakapin.

“Siguraduhin lang niya na hindi siya gagawa ng kalokohan dahil baka itakin ko siya.”



Maraming iniisip si Marian kaya tinanghali siya ng gising. Kahit mataas na ang sikat ng araw ay hindi pa rin siya umaalis sa higaan. Pakiwari niya tuloy ay umiiral lang ang katamaran niya, pero sa huli ay sinabi niyang hindi siya tamad. Gayunman, nanatili pa ring nakalapat ang likod niya sa kama.

“Sige, lakasan mo pa ang pagbira!” narinig

niyang malakas na sabi ni Mang Teban.

Kumunot ang noo niya. Parang mayroon itong binu-bully.

“Naku naman, baka sa susunod na buwan pa ako makakuha ng panggatong nito. Aba, wala ka sa Maynila para umastang amo. Nandito ka sa pamamahay ko at ako ang amo rito,” asar na pahayag ng matanda.

Sa narinig ay biglang bumalikwas ng bangon si Marian. Para kasing kilala na niya kung sino ang binu-bully ng kanyang ama.

Nagmamadali siyang bumaba at lumabas ng bahay. At tulad ng inaasahan, si Makoy nga ang nakita niyang nagsisibak ng kahoy. Parang naramdaman nito ang kanyang presensya kaya lumingon ito sa kanya. Ang lakas ng pagsinghap niya nang tumingin ito sa gawi niya, sabay kindat. Pakiwari tuloy niya, nag-jumping jack ang vital organs niya at lalo pang nataranta nang bumaba ang tingin niya sa hubad nitong katawan. Nangingintab iyon sa pawis pero parang yummy pa rin.

“Good morning,” bati nito.

Pilit ang ginawa niyang pagngiti. Para kasing nahihirapang makisama ang kanyang puso. “Magandang umaga rin,” tugon niya. “Mabuti at

maaga kang dumating.”

“Kaya nga inutusan ko na,” singit ng kanyang ama na mukhang proud na proud. “O sige, bilisan mo na ang ginagawa mo.” Hinimas-himas pa nito ang tiyan. “Anak, maiwan ko muna kayo, may conference lang ako.”

Napangiti siya sa sinabi nito, saka tumango.

“Conference?” tanong ni Makoy.

“Sa CR,” sagot niya.

Kahit sa tingin niya ay hirap na hirap na ang binata, hindi niya ito magawang awatin. Paano kasi, ang sarap nitong pagmasdan sa ginagawa.

“Very good,” sabi niya kapagkuwan.

“Baka puwede akong magpahinga.”

“Ako ba, pinagpapahinga mo dati? Hindi lang ako, lahat ng empleyado mo. Never mong naisip na baka napapagod din kami...”

“Iba naman iyon.”

Napangiti siya nang tila mahulog ito sa malalim na pag-iisip. Pakiwari niya ay nare-realize na nito ang pagkakamali.

*Ganoon nga kaya?* tanong niya sa sarili.

“Nakaupo lang kayo noon, samantalang ako...”

“Nah, walang pagkakaiba iyon. Mas masakit pa nga sa ulo dahil isip ang ginagamit.”

“Please...” tila nagmamakaawang sabi nito.

“Samahan mo akong mag-almusal.”

Ngumiti itong bigla. “Gutom na nga rin ako.”

“Basta pagkatapos, maghuhugas ka ng pinggan,” nakangiti niyang sabi. Napahagikgik siya nang mag-make face ito. Gayunman, maski lumabi ito ay parang hindi pa rin napingasan ang kaguwapuhan nito.

*Hay, naisaloob na lang niya.*



Hindi maiwasan ni Makoy na makaramdam ng inggit kay Marian. May mapagmahal itong ama, maasikasong ina at makulit na bunsong kapatid na saksakan ng lambing.

Para tuloy gusto niyang tanungin ang dalaga kung maaari ba siyang mapabilang sa pamilya nito.

*Kalokohan!* mariin niyang sabi sa sarili. Ewan niya kung ano ang pumasok sa kukote niya. Sinagot din naman niya ang sariling tanong. Naiinggit lang siya sa klase ng pamilya na mayroon si Marian Andres.

Iyon lang.

Period.

“Pasensya ka na kung hindi bacon at ham ang nakahain. *Purdoy* ang mga nakatira rito,” wika ng matandang lalaki sa pagitan ng pagnguya. “Masarap din naman ang tuyo at binating itlog, ’tapos may

sukang napakaanghang.”

Ngiting-ngiti siya nang sumagot. “Kumakain po ako niyan.” Para patunayan iyon, sinunud-sunod niya ang pagsubo. Ginaya rin niya ang mga ito na nakakamay. Kaya hindi na siya nagtaka nang mapansing nakamaang sa kanya ang mga kasalo.

Dahil katapat niya si Marian, kitang-kita niya ang pagkasorpresa sa mukha nito kaya kinindatan niya ito. Narinig niya ang malakas nitong pagsinghap. Para tuloy gusto niyang matawa.

“Lalaki, binata ka ba o may-asawa?”

“Binata po.”

“Makoy’ po ang pangalan niya,” singit ni Marian. Kumunot ang noo ng matandang lalaki. “Ipinangalan ka ba kay Marcos?”

Tumango siya. “Marcuz’ po ang tunay kong pangalan.” At binanggit niya ang spelling niyon.

“Wala ka bang anak sa pagkabinata?”

“Wala po,” nakangiti niyang sabi.

Gusto niyang magkaroon ng buong pamilya, pero parang imposibleng mangyari iyon. Hindi niya alam kung may mga babae pang naniniwala sa pag-ibig. Sa tingin niya ay wala na. Sa panahon ngayon, ang importante na lamang ay pera.

*Pero hindi sa babaeng kaharap mo, tukso ng*

kanyang isipan.

“Liligawan mo ba ang ate ko?” tanong ni Ella.

“No,” gilalas niyang sagot na napatingin sa dalagita.

“Basted ka, Ate,” tukso nito sa kapatid.

“Ella!” nagbabantang saway ng mga magulang nito.

Nang mapatingin siya kay Marian, parang gusto niyang murahin at saktan ang sarili. Hindi niya maintindihan kung bakit naging defensive siya kanina. Ngayon tuloy ay parang gusto niyang magsisi. May nakikita kasi siyang kirot sa mga mata ng dalaga.

Napatayo siya nang mag-excuse ito, handa na sana itong sundan nang magsalita si Mang Teban.

“Maghuhugas ka pa ng plato, lalaki, at pagkatapos ay marami tayong pag-uusapan,” wika nito sa mapanganib na boses.

Sinabi niya sa sarili na siya si Makoy Alcantara at wala siyang dapat katakutan na kahit sino. Ngunit walang anumang salita na lumabas sa kanyang bibig dahil sa talim ng tingin sa kanya ng matanda.

“Tapusin mo ang pagkain mo,” mabangis nitong utos sa kanya.

Ang nanay naman ni Marian ang nagsalita.

“Kakausapin ko ang anak mo,” wika nito sa asawa.

Si Ella naman ay nakanganga at nanlalaki lang ang mga mata, halatang hindi nauunawaan ang nangyari.

Bagaman multi-millionaire siya ay marami rin siyang alam na gawaing-bahay. Alam niyang malaki ang kinalaman ng pagkakaroon niya ng broken home doon.

“Sorry,” aniya kapagkuwan.

Hindi pinansin ni Mang Teban ang kanyang sinabi. Si Ella naman ay umalis na sa hapag at pinapasok na ng mga magulang sa kuwarto.

Inabala na ni Makoy ang sarili sa pagpupunas ng mesa. Mayamaya ay bumuntunghininga siya. Nang mga sandaling iyon kasi ay hindi niya maramdaman na siya ay may-ari ng isang matagumpay na advertising agency. Sa palagay niya ay gusto na niyang magsanay sa ideya na lahat ng pinagpaguran niya ay posibleng mawala sa isang iglap.

*Kapag hindi ko napabalik si Marian sa kompanya, baka ganoon nga ang mangyari, dugtong ng isip niya na labis niyang ipinag-alala.*

“Alam mo rin pala ang kasalanan mo,” matigas na sabi ni Mang Teban mayamaya.

Tumango siya. “Hindi ko naman po sinadyang maka-offend.”



“*Po?*” gulat nitong sabi, parang hindi makapaniwala.

“Matanda po kayo sa akin kaya dapat lang na igalang ko kayo.”

Hindi nito pinansin ang kanyang sinabi. “Dapat kasi bago ka magsalita, isipin mo munang mabuti.”

Tumango ang binata. Tama ito. Talaga lang mahihirapan siyang gawin iyon dahil napakahalaga ng oras para sa kanya, kaya may mga pagkakataon na hindi na niya nagagawang timbangin kung tama o mali ba ang kanyang sinasabi. Ang mahalaga lang sa kanya ay ang nais niyang ipahayag. At sa palagay niya ay iyon ang dahilan kaya nawawalan siya ng mga empleyado. Gusto ring ipamukha ng mga ito sa kanya na mabubuhay ang mga ito kahit hindi siya ang boss.

“Naiintindihan mo ba ang sinabi ko?”

“Yes, Sir,” tugon niya.

“Huwag mo akong i-‘Sir’ dahil ordinaryong tao lang ako. Para mo akong iniinsulto niyan, eh. Baka gusto mong itakin kita.”

Maang siyang napatingin dito at lalo siyang nanggilalas dahil nakita niyang nakangiti ito sa kanya.

“Puso,” sabi nito. “Puso naman ang gamitin mo. Hindi maaari iyong utak na lang palagi. Kahit kailangan natin ng pera, hindi dahilan ’yan. Sa lahat

ng ginagawa mo, kailangan ay kasama ang puso.”

Tumango siya.

“Siguro ay kailangan nating magkaroon ng ‘maboteng’ usapan,” wika pa nito, saka ngumisi.

Bagaman hindi siya sanay uminom, wala siyang maisip na dahilan para tumanggi.



“Bakit, umaasa ka ba na magsasabi siya ng ‘I love you?’” buwisit na tanong ni Nanay Melba kay Marian.

Umiling siya.

“O, eh, ano’ng idinadrama-drama mo riyan?”

“Masyado siyang prangka,” sagot niya.

Ang lakas ng tawa nito.

“Nay naman, eh.”

“At ano ang gusto mo, ’yong bobolahin ka? Paaasahin? Alam mo kung bakit naririto ang lalaking ’yan. Dahil nalilimutan mo, kailangan mong tanungin ang sarili mo. Bakit nandito ang dati mong boss?”

“Dahil gusto niya akong makuha,” mahinang tugon niya.

“Linawin mo sa ’yong isipan ang dahilan kaya siya naririto.”

“Gusto niya akong pabalikin sa kompanya niya.”

“See? Walang dahilan para mag-walk out ka

dahil sinagot niya ang tanong ng kapatid mo. Hindi siya nagpunta rito para ligawan ka.”

“Pangit ba ako?” wala sa loob na tanong niya.

“Alam mong hindi.”

Marahan siyang tumango. Nakaharap kasi siya sa malaking salamin kaya kita niya ang kanyang hitsura.

“Marami ka rin namang manliligaw,” paalala ng ginang.

“Wala akong type sa kanila.”

“Dahil ang dati mong boss ang type mo.”

“No!” mabilis niyang tanggi.

“Maloloko mo ang sarili mo pero hindi ako,” mariin nitong sabi. “Pero sana huwag kang umasa.”

“Hindi ba kayo naniniwala sa himala?”

“Mas madalang pa sa patak ng ulan sa tag-araw ang tsansa na mangyayari ’yan.”

“Umuulan na kahit summer,” komento niya.

“Kung gusto mong umasa, ihanda mo rin ang sarili mo sa kabiguan,” mariin nitong turan at iniwan na siya.

Malalim na bumuntunghininga siya. Matagal na silang tapos mag-usap ng kanyang ina, pero nanatili pa ring tulala sa isang sulok si Marian. Naiisip niya kasi kung gaano siya kaambisyosa. Pero hindi ba at pantay-pantay naman daw ang lahat sa pag-ibig?

Parang gusto niyang umasa na maaari talagang mag-abot ang langit at lupa. Pakiwari tuloy niya ay may invisible na kamay na bumatok sa kanya.

Nag-ring ang phone niya.

“Hello,” sabay pa nilang turan ni Giselle, close friend niya sa kompanyang pag-aari ni Makoy.

“Kumusta ka na riyan?” sabik na tanong nito.

“Fine.”

“Hmm... mukha nga,” komento nito. “Masigla ang boses mo, eh. ’Yan ba ang epekto na hindi mo nakikita si Sir Makoy?”

Natawa na lang siya. Wala siyang balak na sabihin dito ang pagdating ni Makoy sa kanilang bayan at lalong hindi niya isisiwalat ang tungkol sa ‘pang-aalila’ nila sa binata. Kahit bad trip ang kaibigan niya kay Makoy, gusto pa rin niyang protektahan ang lalaki. Ayaw niyang pagtawanan ito ng mga dati niyang kaopisina.

“Kumusta kayo riyan?” tanong na lang niya.

“Hay, naku! Marami na’ng nagre-resign.”

“Ano?” gilalas niyang tanong. “Bakit?”

“Maraming advertisers ang umaatras dahil hindi pasado sa standard nila ang ads na ibinibigay sa kanila.”

“Bakit?”

“Dahil wala ka.”

“Nandiyan naman kayo, eh.”

“Ikaw ang magaling, hindi kami. At 'eto pa ang nakakaloka.”

“Ano?” naintrigang tanong niya.

“Missing in action si Sir Makoy.”

Dahil alam naman niya iyon, wala nang dahilan para magulat pa siya.

“No reaction?” sabi ni Giselle.

“Ano'ng gusto mong sabihin ko?”

“You won.”

“Ano?”

“Gaya ng s'abi mo, nasa iyo ang huling halakhak.”

Yes, sinabi niya iyon at dapat nga yata talaga siyang humalakhak. Nasa balwarte niya si Makoy Alcantara upang ipadama na kailangang-kailangan siya nito dahil sa pera. Naniniwala kasi ito na babagsak ang kompanya nito kapag tuluyan siyang nawala roon.

May sinasabi pa ang nasa kabilang linya, pero hindi na niya naintindihan dahil may narinig siyang komosyon sa labas ng kanyang kuwarto, kasunod ang pagsigaw ng kanyang ina na humihingi ng saklolo.

## CHAPTER *Four*

“*N*aku po!” gilalas na bulalas ni Marian nang makitang hindi makagulapay si Makoy sa sobrang kalasingan. Hindi ito sanay uminom ng alak kaya hindi kataka-taka kung bakit ganito ang hitsura nito ngayon.

Naalis lang sa binata ang kanyang tingin nang magsalita ang kanyang ama. “Hah! Mahina pala ang lalaking ’yan,” palatak nito. “Tuba lang, bumigay na.” Sinundan nito ng halakhak ang sinabi.

Sa narinig ay nasagot ang tanong sa isip ni Marian. Niyaya nito si Makoy na mag-inuman. Hindi niya napigilang mapangiti dahil hindi ipinahiya ng binata ang tatay niya. Pakiwari tuloy niya ay sinusubukan nitong makibagay sa kanyang

pamilya. Kung manliligaw lang niya ito, siguradong hulog na hulog na ang loob niya rito at baka botong-boto na rito ang mga magulang niya.

Hindi niya napigilan ang pagbuntunghininga. Nakaramdam siya ng matinding panghihinayang.

“Kung magsalita ka parang hindi ka tinamaan, ah,” sabi naman ni Nanay Melba. “Ayan nga, namumungay na ang mga mata mo.”

“Ang ganda mo talaga, asawa ko,” sabi ng tatay niya kaya hindi niya napigilan ang mapahagikgik. Nagiging sweet kasi ang kanyang ama kapag lasing kaya kung minsan ay gusto rin ng nanay niya na nakakainom ito. Kapag nasa katinuan daw kasi ay masyado itong seryoso.

“Ay!” tili pa ng kanyang ina nang halikan ito ng asawa. Nahihiya tuloy itong napatingin sa kanya, pero nang muling magsalita ay nag-aalala ang boses. “Ikaw na ang bahala ryan sa boss mo. Aasikasuhin ko na ang tatay mo.”

Tumango ang dalaga. Madali lang sana gawin iyon, pero may kaba siyang naramdaman. Hindi niya kasi na-imagine man lang na isang araw ay kakailanganin niyang asikasuhin si Sir Makoy dahil sa kalasingan.

“Sir...”

“Don’t ‘Sir’ me,” mariin nitong sabi. “Hindi na

kita empleyado ngayon kaya huwag mo na akong tatawaging ‘Sir.’”

“Okay,” wika na lang niya.

Pakumpas-kumpas pa ang kamay nito nang muling magsalita. “Call me ‘honey,’ ‘sweetheart,’ ‘love’ or ‘darling.’ What do you think?” malambing nitong tanong.

Ang pagdaramdam niya rito kanina ay dagling naglaho at hindi niya napigilan ang matawa. Halatang-halata kasi na nasa ilalim ito ng espiritu ng alak. Bukod kasi sa super lambing na paraan ng pananalita nito ay ilang ulit pa itong nag-‘beautiful eyes’ sa kanya.

“Ano ba’ng gagawin ko?” nalilito niyang tanong.

“Kiss me,” mabilis nitong sagot, nanghahaba ang nguso.

Gusto sana niya itong itulak, pero hindi niya magawa. Para kasi siyang nabatubalani sa mga mata nito. Namumungay ang mga iyon at parang nagmamakaawa itong pagbigyan niya kaya ilang beses siyang napalunok.

*O hindi ba matagal mo nang pangarap ’yan?* tudyo ng atribidang bahagi ng isip niya.

*Torture!* sigaw naman ng kabilang bahagi. Parang gusto na niyang nakawan ng halik ang kausap sa pagkakatitig niya sa mapupula nitong labi. Ilang



beses tuloy siyang napalunok habang nilalabanan ang sarili. Ayaw niyang magmistulang magnanakaw. Ang gusto niya, ito ang hahalik sa kanya.

Posible bang halikan siya nito?

Alam niyang hindi kayang bumigat nang todo ang kanyang dibdib. Sigurado kasing hanggang salita lang ito. Sure siyang kahit lasing ito ay hindi nito tototohanin ang sinabi.

Nagpakawala ng malalim na buntunghininga si Marian. Kahit hindi dapat ay na-disappoint siya. Para kasing kinurot ang kanyang puso kaya gusto niyang umiyak. Ngunit laking gulat niya nang bigla siya nitong yakapin at kabigin ang kanyang ulo palapit sa mukha nito.

Nanigas siya sa labis na kabiglaan, lalo na nang lumapat ang bibig ng lalaki sa mga labi niya. Parang milyun-milyong boltahe ng kuryente ang nanulay sa bawat himaymay ng kalamnan niya.

“Sweet,” wika nito, saka lumuwag ang hawak sa kanya. Pagkatapos niyon ay tuluyan na nitong ibinagsak ang sarili sa sofa na yari sa narra.

Napangiwi si Marian. May katigasan kasi iyon kaya alam niyang nasaktan ito.

Kahit ilang sandali na ang lumipas ay parang hindi pa rin mawala sa utak niya ang pakiramdam ng pagkakalapat ng mga labi nila sa isa't isa. Para

iyong tag price na nakadikit sa kanyang isipan. Kung hindi lang umungol ang lalaki, malamang ay hindi pa rin siya matatauhan.

Pakiwari kasi niya ay isang matayog na pangarap ang kanyang naabot.



Napakasakit ng ulo ni Makoy nang magising.

“Oh!” bulalas niya nang maalala ang nangyari.

Hindi siya nakatanggi kay Mang Teban nang magyaya itong uminom ng tuba. Paano ba siya tatanggi gayong may pabor siyang hinihingi sa anak nito? Siyempre, kapag nagalit o na-bad trip ang matanda sa kanya, baka palayasin siya nito sa bahay.

Lalong sumakit ang ulo niya. Ganoon kasi ang ginagawa niya sa kanyang mga empleyado kapag nakagagawa ng mali ang mga ito o ayaw sumunod sa kanya. Bigla tuloy niyang naisip na masyado nga yata siyang naging bad sa kanyang mga tauhan. Kung mabuti siyang boss, tiyak na hindi mag-aalsabalutan ang mga empleyado niya.

Dala ng sama ng loob na hindi niya mailabas, sumunod siya sa matandang lalaki. Maasim na manamis-namis ang tuba kaya nasarapan siya. Sinunud-sunod niya ang pagtungga. Dahil wala namang tatak ang inuming iyon, inakala niyang hindi siya tatablan dahil gawang Pinoy lang iyon.

Inakala niya kasi na mga imported na alak lamang ang nakalalasing.

Oh, well, maraming namamatay sa maling akala.

“Ouch...”

“Mabuti at gising ka na.”

Kumunot ang noo niya nang makita ang nagsalitang si Marian. Kapagkuwan ay hindi niya napigilan ang magmura nang maalala ang kasunduan nila.

“Okay ka na ba?” matabang nitong tanong.

“Masakit pa rin ang ulo ko. Shit!”

“Itumba mo ba naman ang tuba. Kung hindi ako nagkakamali, limang litro ang inubos ninyo.”

“Hati naman kami ng tatay mo,” katuwiran niya.

“Uminom ka nitong kape para maging okay ka na,” anito, sabay abot sa kanya ng tasa ng kapeng tinimpla.

“Hindi ba dapat ako ang gagawa niyan?” tanong niya nang maalala ang kanilang deal, pero hindi niya napigilan ang mapangiti nang makahigop na siya ng kape. “Hmm... na-miss ko rin ang pagtitimpla mo sa akin ng kape. Swak na swak talaga sa panlasa ko.”

Natawa ito. “Hindi yata iyon ang madalas mong sabihin sa akin dati,” nakangiti nitong sagot.

“Sorry.”

“Exempted ka ngayon.”

“Really?”

“Pero may punishment.”

“What?”

“Mag-e-extend tayo rito nang one week.”

“What?” gilalas niyang sambit.

Ang lapad ng ngiti nito na tila hindi naman naapektuhan sa pagtataas niya ng boses. Dahil siguro sanay na ito. Ganoon naman kasi talaga ang reaksyon niya kapag nagugulat o nagagalit sa narinig.

Ngunit sa pagkakataong iyon, alam niyang nagulat lang siya. Imposibleng nagalit siya sa sinabi nito dahil may kakaibang kasiyahan nga siyang naramdaman na hindi siya sigurado kung saan nanggaling. Sa palagay niya ay sa nakatutuwang isipin na mapapabilang siya sa pamilyang iyon kahit saglit lang.

“S’abi mo nga, ang bawat kasalanan ay may katapat na kaparusahan,” saad nito bilang pagbibigay-katuwiran sa pag-e-extend nito sa pamamalagi nila roon.

“Hindi kasalanan ’yon.”

“Kasalanan ang pag-inom, hindi ba? Sige nga, kapag may empleyado ka bang nag-iinom sa oras ng trabaho, papayag ka?” hamon nito.

“Of course not.”

“So, naiintindihan mo na ako?”

“Iba naman ang sitwasyon,” katuwiran pa niya.

“Magiging iba lang ang sitwasyon kung hindi ka seryoso sa akin.”

Matagal niya itong tinitigan.

“I mean, sa pagpapabalik mo sa akin sa kompanya,” bawi nito nang matanto ang naunang sinabi.

“I’m serious,” sabi niya sa halip na punahin pa ito.

“Then, huwag kang magreklamo. My decision is final.”

“In spite of that, hindi ko iyon pinagsisisihan. Nakapag-usap kasi kami ng father mo. One-on-one. Man-to-man,” nakangiti niyang saad. Ang eksena kasi na gaya niyon ay matagal na niyang pinapangarap sa pagitan nila ng sarili niyang ama. At wala rin siyang natatandaang tagpo na nagkaroon sila ng bonding moment ng kanyang ina. Pakiramdam tuloy niya, mula nang mag-‘endo’ ang relasyon ng mga ito, kinalimutan na rin ng mga magulang niya ang relasyon sa kanya.

“Ano naman ang pinag-usapan ninyo?” interesadong tanong ng dalaga.

“Secret.”

“Ay!”

Natawa si Makoy.

Tiningnan siya nito nang matalim.

“Huwag mo akong tingnan ng ganyan,” banta niya.

“Why?”

“Baka hindi ako makapagpigil,” sagot niya sa seryosong boses, “at mahalikan kita.”



Ang lakas ng pagsinghap ni Marian. Hindi niya inasahan na sasabihin iyon ng lalaki. Bumalik tuloy sa isip niya ang paghalik nito sa kanya nang nakaraang gabi. Bagaman imposible, gusto na niya iyong kalimutan dahil ayaw na niyang pahirapan pa ang kanyang sarili. Sure na sure kasi siyang iyon ang mangyayari kung hindi niya reredahan ang kanyang puso.

Malalim na buntunghininga ang kanyang pinawalan. Alam niyang hindi siya ang tipo nitong babae kaya kung kikiligin siya sa mga sinasabi nito, mahihirapan lang siya dahil sa huli ay baka ma-in love lang siya rito at maging sunud-sunuran sa bawat utos nito. Duda naman siya kung magkakamali itong gawin siyang sex slave dahil walang-wala siya sa kalingkingan ng mga nagiging babae nito.

*That's it!* inis niyang sabi sa sarili. Kailangan niyang isaksak sa kukote niya na mas maitim pa sa

tubig ng *Ilog Pasig* ang tsansa na ibilang siya nito sa mga babae nito. Lahat kasi ng mga iyon ay maganda at sexy. Hindi naman siya pangit at mataba, pero hindi rin siya umabot sa level ng mga nagiging girlfriend nito na ewan kung sineryoso ba talaga nito o ano.

Sa palagay niya ay hindi. Feeling kasi niya ay hindi talaga ito marunong magmahal. Kung hindi siya nagkakamali, may pakiramdam siyang nililigawan lang nito ang mga babaeng iyon para may maipagmalaki itong mala-diyosang girlfriend.

Gayunman, hindi pa rin niya ipagpapalit ang sarili sa kahit sinong may mala-beauty queen na kagandahan. Sapat na sa kanya ang talinong ipinagkaloob sa kanya. Hindi man siya ang tipong genius ang dating, creative naman siya at iyon ang dahilan kaya hinahabol siya ngayon ni Makoy.

*Hinahabol? Wow, what a word!* gulat niyang sabi sa sarili.

Totoo naman iyon. Kung hindi, wala sana ito ngayon sa kanilang bayan at hindi siya kinukulit na bumalik sa piling nito—este, sa kompanya nito.

“Joke,” sabi ni Makoy.

“Hindi ako natawa,” sagot niya.

“Sorry.”

*Patatawarin kita kung tototohanin mo, wika ng*

kanyang puso na nananabik na matikman ang mga labi nito. Kung hindi lang siya nakapagpigil ay baka nabatukan na niya ang sarili. Hindi kasi niya dapat isipin iyon. Ang dapat ay kalimutan niya ang halik na pinagsaluhan nila noong lasing ito.

“I had a dream.”

Kumunot ang noo niya.

Ipinilig nito ang ulo. “Oh, forget it.”

“Okay, lahat naman ng tao ay nananaginip,” komento na lang ni Marian.

“Ikaw, anong panaginip ang natatandaan mo?” interesado nitong tanong.

Saglit siyang nag-isip. “Mas bangungot iyon.”

“Really?”

“Yes.”

“Natatandaan mo pa?”

“Tandang-tanda.”

“Terrifying?”

“Super. Alam mo ba kung ano iyon?” nangingiti niyang sabi, excited na makita ang reaksiyon nito.

“Tell me.”

“Ikaw.”

“What?”

“Yes, ikaw. Dahil sobra kang nakakatakot na boss, pati sa pagtulog ko ay nadadala ko na iyon. ’Buti nga, hindi ako inatake sa puso sa sobrang



takot.” Natawa at napailing siya pagkasabi niyon. Tumigil lang siya nang mapansing titig na titig ang binata sa kanya.

Ewan niya kung ibig nitong patulan siya dahil sa pagkapikon, pero hindi naman galit ang emosyong nababasa niya sa mukha nito. Kung hindi siya nagkakamali ay parang gusto nitong... maiyak?

Tumayo ito, saka siya nilapitan at niyakap. “I’m sorry,” sabi nito.